# Ang Iyong mga Karapatan sa Ilalim ng Titulo VI at mga Kaugnay na Batas

The City of SAN DIEGO

## Ano ang Titulo VI?

Ang Titulo VI ay isang probisyon ng batas sa Batas sa mga Karapatang Sibil ng 1964 Iniaatas sa Titulo VI na "Walang sinuman sa Estados Unidos ang, batay sa lahi, kulay ng balat, o bansang pinagmulan, ang ibubukod sa pakikibahagi sa, tatanggihan ng mga benepisyo ng, o sasailalim sa diskriminasyon sa ilalim ng anumang programa o aktibidad na tumatanggap ng Pederal na pinansyal na tulong." [42 U.S.C. §2000d]

## Ano ang ibig sabihin ng Titulo VI?

Nagsusumikap ang Lungsod ng San Diego na matiyak na ang pag-access sa at paggamit ng lahat ng programa, serbisyo, o benepisyong nagmumula sa anumang aktibidad ng Lungsod ay pangangasiwaan nang walang pag-aalintana sa lahi, kulay ng balat, bansang pinagmulan, kasarian, edad, kapansanan, o iba pang pinoprotektahang katayuan.

Hindi tatanggapin ng Lungsod ang pagdidiskrimina ng empleyado ng Lungsod o mga tumatanggap ng mga pederal na pondo mula sa Lungsod, tulad ng iba pang mga ahensya, kontratista, kasangguni, taga-supply, vendor, atbp. Ipinagbabawal ng Lungsod ang lahat ng gawaing nagdidiskrimina na maaaring magresulta sa:

- Pagtanggi sa sinumang indibidwal ng anumang serbisyo, pinansyal na tulong, o benepisyong ipinagkakaloob sa ilalim ng programa na sa ibang paraan ay maaaring nararapat sila;
- Magkakaibang pamantayan o iniaatas sa pagsali;
- Pagbubukod o magkahiwalay na pagtrato sa anumang bahagi ng programa;
- Pagtatangi sa kalidad, dami, o paraan ng pagbibigay ng benepisyo;
- Diskriminasyon sa anumang mga aktibidad na isinasagawa sa isang pasilidad na ipinatayo na ginamitan ng mga pederal na pondo nang buo o bahagi nito.

## Sino ang responsable para sa Titulo VI?

Ang lahat ng empleyado at programa ng Lungsod ay responsable sa pagsunod sa Titulo VI. Ang Compliance Department (Departamento sa Pagsunod) ng Lungsod ay patuloy na nagbibigay ng pamumuno, gabay, at teknikal na tulong upang matiyak ang patuloy na pagsunod sa Titulo VI.

## Paano ipinatutupad ng Lungsod ang Titulo VI?

Upang matiyak ang pagsunod sa Titulo VI, mga kaugnay na batas, at ang Ehehutibong Utos ng Pangulo sa Katarungan sa Kapaligiran, ang Lungsod ay:

- Iiwasan o babawasan ang mga nakakasamang epekto sa kalusugan at kapaligiran ng minoridad at mga populasyong may mababang kita.
- Titiyakin ang buo at patas na pakikibahagi ng lahat ng komunidad, kabilangang mga populasyong mababa ang kita at ng minoridad, sa proseso ng pagpapasya sa transportasyon sa mga proyektong pinopondohan ng pederal na pamahalaan.
- Pipigilan ang pagtanggi, pagbawas sa, o malaking pagkaantala sa pagtanggap sa mga benepisyo ng minoridad at mga populasyong may mababang kita sa mga proyektong pinopondohan ng pederal na pamahalaan.

Bukod dito, ang sinumang tumatanggap—kabilang ang, ngunit hindi limitado sa mga Organisasyon ng Pagpaplano sa Kalunsuran at mga lokal na lungsod at county—na tumatanggap ng pederal na pinansyal na tulong ay may responsibilidad na pangasiwaan ang programa at aktibidad nito nang walang pag-aalintana sa lahi, kulay ng balat, bansang pinagmulan, kasarian, edad, kapansanan o iba pang pinoprotektahang katayuan.

## Nilalabag ba ang iyong mga karapatan?

Kung naniniwala kang ikaw ay nadiskrimina dahil sa iyong lahi, kulay ng balat, bansang pinagmulan, kasarian, edad, kapansanan, o iba pang pinoprotektahang katayuan, may karapatan kang maghain ng nakasulat na reklamo sa Coordinator ng Titulo VI ng Lungsod ng San Diego sa loob ng 180 araw mula ng sinasabing diskriminasyon. Makukuha ang form ng reklamo online sa https://www.sandiego.gov/titlevi. Maaari kang magsumite ng reklamo sa pamamagitan ng email sa titlevi@sandiego.gov o sa pamamagitan ng U.S. mail sa:

Title VI Coordinator
202 C Street, MS 8A
San Diego, CA 92101

Agad na iniimbestigahan at tinutugunan ang mga reklamo sa ilalim ng Titulo VI hangga't maaari.

Nirebisa noong 2023